



Mga Inirerekomendang Pagsusunog at Kalidad ng Hangin sa Bay Area

Ano ang inirerekomendang pagsusunog?

Ang inirerekomendang pagsusunog (o kontroladong pagsusunog) ay isang maingat na planadong sunog na sinasadyang simulan ng mga nagsanay na propesyonal sa sunog sa ilalim ng mga partikular na kundisyon. Ito ay isang subok nang instrumento para mabawasan ang pagkaipon ng mga natuyong halaman (na tinatawag na fuel) na puwedeng humantong sa mas malalaki at mas mapanganib na wildfire.

Bakit gumagamit ng mga inirerekomendang pagsusunog?

- **Pinapaliit ang posibilidad ng wildfire:** Sa mga inirerekomendang pagsusunog, nababawasan ang mga load ng fuel, kaya hindi basta-basta kumakalat ang mga wildfire.
- **Pinoprotektahan ang mga komunidad:** Sa pamamagitan ng pagpigil sa matitinding wildfire, nakakatulong ang mga inirerekomendang pagsusunog na protektahan ang kalusugan ng publiko, mga ari-arian, at ecosystem.
- **Sinusuportahan ang magagandang kagubatan:** May natural na papel ang sunog sa maraming ecosystem ng Bay Area. Sa mga kontroladong sunog, naisusulong ang biodiversity at muling pagtubo ng mga puno sa kagubatan.

Paano naman ang usok?

Kinikilala ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang mga alalahanin ng komunidad tungkol sa usok. Kung kaya:

- **Ang mga pagsusunog ay pinaplano nang isinasaalang-alang ang kalidad ng hangin.** Ang mga inirerekomendang pagsusunog ay inaaprubahan lang sa mga araw kung kailan nakakatulong ang mga kundisyon ng lagay ng panahon at hangin na bawasan ang usok sa ground.

- **Maingat na sinusubaybayan ang mga sunog.** Isinasagawa ang mga operasyong ito sa ilalim ng mahihigpit na alituntunin sa kaligtasan at kalidad ng hangin, nang nakikipagtulungan sa Cal Fire at mga lokal na ahensya para sa sunog.
- **Mas kaunting usok, mas kontrolado.** Kung ikukumpara sa mga wildfire, mas kaunting usok ang napo-produce sa mga inirerekomendang pagsusunog at mas madaling kontrolin ang mga ito.

Ang Tungkulin ng Distrito ng Hangin

Isinasagawa ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang mga sumusunod:

- **Sinusuri at inaaprubahan ang mga plano para sa inirerekomendang pagsusunog**
- **Sinusubaybayan ang mga kundisyon ng kalidad ng hangin para matukoy ang mga araw ng pagsusunog**
- **Nakikipagtulungan sa mga bumbero** para mapaliit ang posibilidad ng wildfire habang pinoprotektahan ang kalusugan ng publiko
- **Nag-iisyu ng Mga Paunawa sa Kalidad ng Hangin** kung ang usok mula sa isang inirerekomendang pagsusunog ay nakakaapekto sa mga kalapit na komunidad

Pagpaplano sa Hinaharap

Sa nakalipas na dekada, dahil sa mga kundisyon sa kapaligiran, lumaki ang posibilidad na magkaroon ng mga wildfire, na naghahatid ng usok at hangin na nakakasama sa kalusugan. Ang mga inirerekomendang pagsusunog ay isang mahalagang bahagi ng mas malaking estratehiya ng pag-iwas sa wildfire, na makakatulong na **protektahan ang ating hangin, ating kalusugan, at ating kinabukasan.**

PARA MATUTO PA:

Bisitahin ang baaqmd.gov/openburninfo para sa mga update, kasalukuyang kalidad ng hangin, at impormasyon tungkol sa inirerekomendang pagsusunog.